

Inuyama Multilingual News

Publishing•Editing:
Inuyama International Association
Petsa ng paglathala: 2025.10.20
Bersiyong Tagalog (No. 11)

Tayo ay maging mabuti sa mga banyagang mamayan na nagmula pa sa malayong bansa at naninirahan dito sa bansang Japan.

Kami ay nakipag-usap kay G. Ito Hisami ng Maruyama Tempaku-cho Higashi Neighborhood Association na siyang nagpasimula ng oryentasyon ng paraan ng pagtatapon ng basura para sa mga residenteng Nepali.

Noong nagtipon ang mga lider ng bawat grupo sa barangay, napakinggan nila ang mga problema tungkol sa wastong pagtatapon ng basura. Maraming estudyanteng Nepali ang naninirahan sa aming barangay, kaya naisip naming magdaos ng isang pulong para ipaliwanag kung paano ang tamang segregasyon at pagtatapon ng basura. Nang makipag-ugnayan ako sa mga iba pang mga lider, sila ay nagbigay kooperasyon.

Matagal na naming narinig mula sa dating lider ang tungkol kay G. Parajuli, ang tagapangasiwa ng mga estudyanteng dayuhan, kaya naglakas-loob kaming kontakin siya. Malugod niyang pinaunlakan ang pakikipagtulungan. Bagamat wala pang bersiyong Nepali ang gabay sa tamang pagtatapon ng basura, isinalin niya ito sa kanilang wika. Naghanda rin kami ng mga gabay na maaaring ipaskel sa bawat kuwarta.

Sa araw ng oryentasyon, naghanda kami ng welcome drinks at meryenda upang maging maayos at maginhawa ang daloy ng pagtitipon. Ipinakita namin sa mga kalahok kung paano itapon ang mga PET bottles. Noong araw ring iyon ay tinanggal ang cap at label, at hinugasan ang loob bago itapon. Ipinakita rin namin ang aktuwal na halimbawa ng wastong paghihiwalay ng iba pang basura at magkakasama naming pinuntahan ang mga lugar kung saan ito itatapon.

Ang basura kapag marumi ay magiging basura lamang, ngunit kapag malinis ito ay nagiging kapaki-pakinabang. Kapag malinis, mas maganda ang pakiramdam, at masaya ang mga residente pati na ang mga tauhan ng kolektor ng basura. Sana maging kaugalian ito kahit saang bansa.

Subalit, minsan kahit nagdaraos na ng oryentasyon ay mayroon pa ring mga hindi sumusunod sa tamang segregasyon o araw ng pagtatapon. Sa ganitong sitwasyon, kinokontak namin si Parajuli upang maiparating ang suliranin sa kanila. Ang mga lider ng barangay ay sumasang-ayon at tumutulong sa oryentasyon. Marahil dahil nakikita nila ang kanilang mga mukha, walang reklamo o sama ng loob na naririnig mula sa kanila.

Kadalasan, ang mga estudyanteng banyaga ay lumilipat pagkatapos ng humigit-kumulang dalawang taon. Kaya nais naming ipagpatuloy ang regular na oryentasyon. Mahalagang maipagpapatuloy ang gawaing ito. Sana mas maging malapit kami sa isa't isa, at sana ay magkaroon ng pagkakataon na makapagsabi ng saloobin mabuti man ito o hindi.



Kaliwa: G. Ito Hisami (kasalukuyang community welfare commissioner ng Maruyama Tempaku-cho Neighborhood Association) Kanan: G. Parajuli Jagadishwor

Pagbati sa wikang Nepali "Magandang hapon." ⇒ "namaste", "Maraming salamat." ⇒ "dhannebad"

Bakit may segregasyon ng basura?

Bakit kailangan paghiwa-hiwalayin ang bawat uri ng basura sa pagtatapon nito? Kapag isinagawa ang segregasyon ng basura, nakakatulong ito para muling magamit ang mga resources (recyclable materials), mapangalagaan ang ating kapaligiran, at mabawasan ang gastusin para sa pagproseso ng basura.

Hindi lamang nito pinoprotektahan ang ating pang-araw-araw na kapaligiran, kundi nakatutulong din itong iwanan ang isang malinis na kapaligiran para sa susunod na henerasyon.



● **Ang muling paggamit ng resources galing sa basura :** Ang mga basura katulad ng papel, plastik, metal, at glass ay maaari pang magamit muli. Halimbawa, ang mga latang gawa sa aluminum ay maaaring iproseso upang makagawa ng panibagong lata.

● **Pagbibigay proteksiyon sa kapaligiran :** Sa pamamagitan ng paghihiwalay ng mga basurang maaari pang magamit muli, nababawasan ang dami ng basurang kailangang sunugin. Bilang resulta, nababawasan din ang dami ng carbon dioxide na resulta ng pagsunog ang basura. Ito ay makabubuti rin para sa ating mundo.

● **Pagbawas ng gastusin :** Maaaring mabawasan ang enerhiyang kailangan para sa paggawa ng mga lata. Bukod dito, sa pamamagitan ng pagbawas ng dami ng basurang sinusunog, nababawasan din ang salaping kinakailangang gugulin para sa pagsunog ng basura.

◆ Makikita ang detalyadong paliwanag (may larawan) sa wikang Ingles, Portuges, Espanyol, Intsik, Vietnamese, at Tagalog.

https://www.city.inuyama.aichi.jp/_res/projects/default

[_project/_page/_001/000/657/gaikokugogomi.calender.pdf](https://www.city.inuyama.aichi.jp/_project/_page/_001/000/657/gaikokugogomi.calender.pdf)



Ang Inuyama Japanese Classroom

Ito ay isang classroom kung saan mapag-aaralan ang pakikipag-usap sa wikang Nihongo para sa mga banyagang nakatira sa Inuyama area.

● Araw at oras: Araw ng Linggo sa bawat linggo, alas-10:00~11:45

※ Ang unang beses na bibisita sa classroom ay kinakailangang dumating ng alas-9:40 ng umaga.

● Lugar: Inuyama Civic Exchange Center FREUDE, 2nd floor Rm. 203

● Halaga ng babayaran: 100yen/ 1 beses

● Klase: Makakabilang batay sa lebel ng kaalaman ng mag-aaral.

※ Tiyakin ang petsa at klase, at iba pang detalye mula rito.

● Detalye : Inuyama International Association (IIA)

Tuwing alas- 9 : 00~17 : 00 (Sarado ng Sabado, Linggo,

Piyesta opisyal, ika-2 at ika-4 na Lunes ng bawat buwan)

Address: Inuyama City, Matsumoto-cho 4-21

TEL : 0568-48-1355 E-mail : iia@grace.ocn.ne.jp



Ipinakikilala ang nagsusumikap sa Inuyama City Japanese Classroom

Ang mag-asawang Luis Oyakawa & Eva Maceda

Nasyonalidad: Peru, Dumating sa bansa noong Hulyo 2022

3 taon na akong nag-aral sa Inuyama Nihongo Classroom . "Noong una, halos hindi ako nakakapagsalita, pero ngayon ay umunlad na ang aking kakayahan sa pakikipag-usap, at kaya ko na ring magbasa at magsulat ng hiragana. Lubos akong nagpapasalamat sa mga boluntaryo." - (Eva) Ang pangunahin kong naging layunin sa pag-aaral ng Nihongo ay para sa pang-araw-araw na pamumuhay, ngunit nang mas humusay pa ay "Gusto kong magtrabaho sa paggawa ng mga patalastas (CM)." - (Luis) "Mahilig ako sa mga bata kaya nais kong maging guro sa kindergarten." - (Eva) Natutuwa rin kami na makalahok sa mga event ng IIA at maipakilala ang kultura ng Peru tulad ng pagtugtog ng cajón at iba pa.



Volunterr in-charge : Ang komento ni Niwa Etsuko ↓

Si Eva ay lubhang nagsumikap hanggang sa siya ay masanay sa pamumuhay, trabaho at wikang Nihongo. Ito ay dahil sa suporta ni Luis na nauunawaan ang bansang Japan at ang wika nito. Sa kasalukuyan ay kaya na nilang magbasa at magsulat ng hiragana characters at magbasa ng picture books. Nais naming muli silang magsagawa ng Peru cooking class.

Salitang Espanyol na karaniwang ginagamit

"Magandang hapon." ⇒ "Hola", "Salamat." ⇒ "Gracias",
"Walang anuman." ⇒ "De nada" "Kamusta ka?" ⇒ "Cómo estás?", "Mabuti naman." ⇒ "Bien"/"Bien Gracias",
"OK." ⇒ "Ya"

Maging handa para sa mga emerhensiya - Bakit hindi lumahok sa mga pagsasanay sa pag-iwas sa kalamidad?

Nagsasagawa ng taunang Comprehensive Disaster Prevention Drill sa Inuyama City. Bagama't hindi alam kung kailan magaganap ang Nankai Trough Earthquake, ito ay sinasabing tiyak na darating. Bakit hindi tayo lumahok sa mga pagsasanay upang matutunan kung paano ang pag-iwas sa kalamidad nan gating maproteksiyunan ang ating mga sarili at pamilya? Ang regular na pagsasanay ay tiyak na makakatulong sa pagdating ng hindi inaasahang kalamidad. **[Nobyembre 9, 2025; Linggo, Simula 9:00 AM hanggang 12:00 PM, Haguro Elementary School]**

Mapa ng Haguro Elementary School→



◆ Entrevistamos a una persona que participó en el 2.º Curso Avanzado de Salvamento ◆

Si 馮潤昌 (Féng rùn chāng), isang Chinese national, ay lumahok sa "Ika-2 Advanced Life-Saving Course (Training to Save Lives in Emergency)" na ginanap sa Inuyama City Fire Station noong ika-2 ng Pebrero. Si Hyou, ay nagmula sa bansang China, at natutunan ang cardiac massage, artipisyal na paghinga (upang ibalik ang paghinga sa pamamagitan ng pagbomba ng hangin sa baga), AED (pagpapanumbalik ng cardiac arrest sa pamamagitan ng electric shock), at pag-iwas at pagtugon sa heatstroke. Nakilahok si G. 馮潤昌 (Féng rùn chāng) sa sesyon ng pagsasanay na ito sa pag-iisip na maaari siyang makatulong kahit kaunti sa mga nakapaligid sa kanya pagdating sa oras ng kagipitan.



Pangkalahatang kurso para sa pangunahing lunas sa wikang banyaga: Ang Inuyama City Fire Department ay magsasagawa ng Basic Life Support Training sa wikang Vietnamese, Chinese, Spanish, Portuguese, at Tagalog. Ang kurso ay tumatagal ng humigit-kumulang 3 oras at walang bayad. Mayroon ding mga interpreter. Para sa mga detalye⇒ <https://www.city.inuyama.aichi.jp/kurashi/shobo/1009035.html>



Panayam mula sa isang tagapagturo ng kurso sa wika

Ang Inuyama Japanese Language classroom ay nag-aalok ng mga kurso na itinuro ng mga instruktur na nagsasalita ng katutubong wika. Sa pagkakataong ito, nakausap namin si Lee Sunyoung, bilang isang aktibong intstruktur ng Korean language.

Problemas de vivir en Japón: Noong taong 2003, ako ay dumating sa Japan upang samahan ang aking asawang Hapon sa kanyang pagbabalik sa bansa. Noong panahong iyon, hindi ako marunong magsalita ng Nihongo. Ang mga bagay na gumugulo sa akin noong una akong dumating ay ang wikang Nihongo, pagmamaneho (left-hand-right hand driving), at pag-renew ng aking driver's license. Dahil nakatira ako sa pamilya ng aking asawa, mahirap makipag-usap sa wikang Nihongo, ngunit sa pamamagitan ng aking pakikipag-usap sa araw-araw sa lolo ng aking asawa ay umunlad ang aking kakayahan sa pakikipag-usap. Dumalo rin ako sa mga Nihongo classes sa Komaki sa loob ng dalawang taon. Hindi ako masyadong magaling sa kanji. Hanggang ngayon, may mga isyu pa rin ako sa wika. Halimbawa, sa mga klase ng Korean language, kapag nagsasalin ako ng Korean sa Japanese, minsan nahihirapan akong ipaunawa ang mga nuances sa mga estudyante.



Karanasan ng pagtuturo ng salitang Korea: Ipinanganak ako sa Seoul, nanirahan sa Saipan mula noong kolehiyo. Noong ako ay isang estudyante sa unibersidad, nagturo ako ng Korean sa isang Korean national na nakatira sa Saipan. Sa Japan, ang mga estudyanteng tinuruan ko ay nanalo ng unang pwesto at nakatanggap ng mga parangal sa Korean speech at essay contest. Sa kasalukuyan, nagtuturo ako sa Korean Language Department sa Iwakura High School, at kumpara sa dati, ang mga estudyante ngayon ay mas mahusay na pagbigkas. Sa tingin ko, siguro ay dahil ito sa nasanay na ang tenga nila sa pamamagitan ng K-POP at drama.

Ang Maganda sa Korea: Ito ay ang patuloy na pagbabago. Maging ang mga gusali ay muling ginagamit. Maging ang Hanbok ay nagbabago na rin. Ang mga pagkain ay may iba't-iba na ring istilo. Kabaligtaran naman nito ang bansang Japan na pinapahalagahan ang lumang tradisyon na sa palagay ko ay isang magandang katangian nito. Ang "fast-paced culture" ay isa ring magandang katangian ng bansang Korea. Mabilis ang serbisyo at mabait ang pagtugon sa tanggapan ng gobyerno, banko at mga restoran.

Kurso sa Wikang Korea: Layunin namin ang mga klase na nagbibigay-daan sa dalawang paraan na pag-uusap at komunikasyon, hindi lamang isang paraan na mga lektura. Isinasagawa namin ang aming mga klase na may pag-iisip na mag-aral kasama ng kapwa mag-aaral.

Pagbati ng Korea: Good morning, good afternoon, good evening, kumusta ka? ⇒안녕하세요?Annyeong-haseyo. ※ Ang ibig sabihin ng "Annyeong" ay kapayapaan at kaligtasan. Kumain ka na ba? (Kumusta ka na? Kumusta ang iyong kalusugan?) ⇒Sa Korea, 밥 먹었어요?Bap meogeosseoyo?※ Sa Korea, ang mga pagkain ay matagal nang itinuturing na pinakapangunahin at mahalagang elemento ng pang-araw-araw na buhay.

※Mga wikang matututunan sa language courses: English Conversation, Korean, Chinese, German, Spanish, French, Portuguese

※Impormasyon sa kurso ng wika⇒



Pag-usapan natin sa wikang Nihongo ang tungkol sa pagtira sa isang lungsod kung saan ang lahat ay mabubuhay nang kumportable.



Natututo tayo tungkol sa mga kultura at kaugalian ng isa't-isa habang ibinabahagi ang ating mga saloobin sa isa't-isa. May mga bagong matutuklasan sa pakikipag-usap sa mga tao mula sa iba't-ibang bansa. Nakakatulong din ito upang matuto ng Nihongo. Minsan sa isang buwan, nagkikita-kita at nag-uusap sa loob ng 1 oras tungkol sa isang partikular na paksa. Natututo kami tungkol sa mga kultura at kaugalian ng isa't-isa habang ibinabahagi ang aming sariling mga saloobin. Mayroong bagong natutuklasan sa pakikipag-usap sa mga tao mula sa iba't-ibang bansa. Nakakatulong din ito para sa pag-aaral ng Japanese.

※Gaganapin sa mga karaniwang araw at Sabado salit-salitan.

Rehistrasyon sa Multicultural Chat Club

➔ <https://forms.gle/eMH9iucNB2Nx4ecS9>



Sa ika-a-30 ng Nobyembre, Linggo ay may gaganaping "Inuyama Hiking". Para sa mga kaganapan sa IIA, tiyakin ito mula sa mga sumusunod.

Home Page



Facebook



X



Nakakatuwang Japanese Onomatopoeia!

Alam mo ba kung ano ang "onomatopoeia"? Ang Onomatopoeia ay tumutukoy sa mga salita na nagpapahayag ng mga estado o paggalaw sa pamamagitan ng tunog. Ang pag-aaral ng Japanese onomatopoeia ay ginagawang mas kasiya-siya ang mga pag-uusap sa wikang Hapon. Subukang gawin ito!

Fuwa-fuwa



nagpapahiwatig ng malambot,

Iga-iga



tinutusok na sensasyon. Madalas itong ginagamit tungkol sa namamaga at nangangating lalamunan.

Hoku-hoku



nagpapahiwatig ng mainit, malambot na texture ng mga inihaw o steamed na pagkain (tulad ng patatas o kastanyas).

Byu-byu



Kondisyon ng malakas na pag-ihip ng hangin.

Cool Japan

Mount Fuji



Ang Mt. Fuji ang pinakamataas na bundok sa Japan. May taas itong 3,776 metro. Depende sa panahon ay makikita ang iba't-ibang landscape mula rito. Ang pinakamainam na panahon para sa pag-akyat sa bundok ay sinasabing sa mga katapusan ng buwan ng Hulyo hanggang sa kalagitnaan ng Agosto pagkatapos ng tag-ulan. Popular rin ang mag-overnight sa isang kubo sa bundok at pagmamasid sa pagsikat ng araw na tinatawag na "goraiko". Ang Mt. Fuji, na malaki ang naging impluwensya sa pananaw ng mga Hapon tungkol sa kalikasan at kultura, ay naitala bilang UNESCO World Cultural Heritage noong 2013.



Inuyama Multilanguage Newsletter

Publikasyon/Editor: Inuyama International Multiexchange Association

〒484 - 0086 Aichiken Inuyama-shi Matsumoto-cho 4-21 Inuyama Community Center 『Freude』

TEL: (0568) 48-1355 FAX: (0568) 48-1356 HP: <http://iiea.info> E-mail: iia@grace.ocn.ne.jp

Boluntaryong tagapagsalin ng wika:

Ingles: Kusakabe Kazuro, Yasumura Megumi, Uchimura Hidetomo, Hereward Tilton, Matsuo Harumi

Espanyol: Tawara Carlos, Ruiz Bulnes Ricardo Arturo, Saeki Liliana

Portugues: Yara Marcos, Akagi Kazunori, Akagi Mitsue, Yoshida Gisele, Ishikawa Chiaki

Chinese: Harita Misako, Ten Ru, Sun Jiao, Yang Liya, Ozawa Tsutomu

Vietnam: Pham Thi Nhu Hau, Tran Van-Ha

Tagalog: Higuchi Marita, Kawasaki Maria

※bersyon ng data➡

